
# Ipinanganak ng Diyos



Por Donald White

# "WALANG BAYAD HABANG MAY IBINIBIGAY ANG PANGINOON"

Inilathala ng

**Colonial Press**
Charlottesville,VA 22906

© Copyright 2007
by Colonial Baptist Church
Charlottesville,VA 22906

Translated by Precious Seed Ministries, Inc., Philippines

# IPINANGANAK NG DIYOS


| KAPITULO | | PAHINA |
|---|---|---|
| | Paunang Salita | 2 |
| 1 | Tao (Sangkatauhan) Ay Kapuwa May Katawang Pisikal At Kaluluwang Di-Nakikita | 3 |
| 2 | Ang Katawang Pisikal Ay Pansamantala At Mabubulok! | 4 |
| 3 | Ang Kaluluwa Ay Walang-Hanggan At Mabubuhay Magpakailan Man | 5 |
| 4 | Kailangang Paghandaan Natin Ang Patutunguhan ng Walang-Hanggang Kaluluwa | 6 |
| 5 | Dalawang Katauhan, Dalawang Kapanganakan At Dalawang Kaharian! | 8 |
| 6 | Ano Ang Ibig Sabihin ng Ipanganak Muli O Ipanganak ng Diyos | 12 |
| 7 | Ang Kapangyarihan Upang Maging Anak ng Diyos Ay Nagbubuhat Sa Diyos! | 13 |
| 8 | Siya Na Ipinanganak ng Diyos Ay May Kasiguruhan ng Walang Hanggang Kaligtasan | 15 |
| 9 | Ang Mga Ipinanganak ng Diyos Ay Ligtas Magpakailanman | 18 |
| 10 | Bilang Ipinanganak ng Diyos, Ito Ay Agad Nagbubunga ng Pagbabagong Panloob | 20 |
| 11 | Ang Kasiguruhan ng Kaluluwa Ay Hindi Pahintulot Para Magkasala | 21 |
| 12 | Kasalanan ng Laman At Kasalanan ng Kaluluwa | 22 |
| 13 | Si Satanas Ay Umaatake Sa Pamamagitan ng Laman | 24 |
| 14 | Hindi Ang Laman Ang Magtatakda ng Iyong Patutunguhan | 25 |
| 15 | Malalaman Natin Na Tayo Ay Ipinanganak ng Diyos! | 27 |
| 16 | Ang Pagpapasya | 29 |
| 17 | Ano Ang Aking Dapat Gawin Upang Maging Anak ng Diyos | 31 |
| 18 | Sagot Sa Pagbabalik-Aral | 33 |

**"DATAPUWA'T GAYA NG MARAMI NA TUMANGGAP SA KANIYA, AY IBINIGAY NIYA SA KANILA ANG KAPANGAYARIHAN UPANG MAGING MGA LALAKING ANAK NG DIYOS, SAMAKATUWID SA KANILA NA NANANAMPALATAYA SA KANYANG PANGALAN: NA MGA <u>IPINANGANAK</u>,** hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi **<u>NG DIYOS.</u>**" (Juan 1:12-13)

Ang tao nga ba ay maaring ipanganak ng Diyos? Ano nga ba ang kapanganakang mula sa Diyos o ang "Ipanganak na muli"? Itinala ng Biblia ang isang tao na nagngangalang Nicodemo, na nagtatanong kay Jesus ng tungkol sa kapanganakang muli (Juan 3:4) "Paano ba na ang isang tao ay maipapanganak kung siya ay matanda na?" Tanong niya. Si Nicodemo kung susukatin ay hindi isang ignoranteng tao. Sa katunayan, siya ay pinuno ng mga Judio at sa katayuang iyon, siya ay tunay na matalino at may pinag-aralan. Subali't hindi pa rin maunawaan ni Nicodemo nang sabihin sa kanya ni Jesus "Katotohanan, Katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." (Juan 3:3)

Ang tanong na iyon ni Nicodemo ay siya ring tanong ngayon ng maraming tapat at nagsasaliksik na mga tao. Ang nakakalungkot, iilan lamang ang naglalaan ng panahon upang saliksikin ang kahulugan ng kapanganakang espirituwal. At ang mga nais magbigay liwanag sa himala ng pangyayaring ito ay kalimitang naiimpluwensyahan ng maling tradisyon ng relihiyon o ng opinyon ng ibang tao sa halip ng katotohanan ng Biblia. Ating bigyang-pansin ang napakahalagang araling ito ng Biblia: **<u>IPINANGANAK NG DIYOS</u>**

Sa anumang pag-aaral, ang paghahanap sa katotohanan ang pinakamahalaga, subali't kailangan nating sumang-ayon na ang katotohanan ay nagmumula at pinagtitibay ng Diyos at hindi ng tao. Sa araling ito, ating pag-aaralan ang katotohanan ng Biblia patungkol sa panlabas na katawang pisikal, at sa panloob na espirituwal na bahagi ng tao. Ang tao ay nabubuhay na may bahaging pisikal at espirituwal.

## ∞ KAPITULO 1 ∞

# TAO (SANGKATAUHAN) AY KAPUWA MAY KATAWANG PISIKAL AT KALULUWANG DI-NAKIKITA

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Mateo 10:28, "At huwag matakot sa kanila na pumapatay **sa katawan**, datapuwa't hindi makakayang patayin **ang kaluluwa**: kundi bagkus matakot sa kaniya na makakayang patayin **kapuwa ang kaluluwa at katawan** sa impiyerno."

1 Cor. 15:44b, "**Mayroong likas na katawan**, at **mayroong espirituwal na katawan.**"

2 Cor. 4:16, "Dahil dito kami ay hindi nanghihina; bagama't ang aming **panlabas na tao** ay namamatay, gayunman ang **panloob na tao** ay nababago sa araw-araw."

1 Pedro 2:11, "Mga pinaka-iibig, ako ay namamanhik sa inyo gaya ng mga dayuhan at mga manlalakbay, magpigil sa **makalamang** mga pita, na nakikidigma laban sa **kaluluwa**."

Mateo 26:41, "Magbantay at manalangin, upang kayo ay hindi mapasok sa tukso: ang **espiritu** ay tunay na nagnanais, datapuwa't ang **laman** ay mahina."

## ☞ Konklusyon:

Maliwanag na itinuturo ng Biblia na ang tao ay may (1) panlabas na katawang pisikal **AT** (2) panloob, na kaluluwang di-nakikita.

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Mayroong ____________na katawan at mayroong ___________ na katawan. (1 Cor. 15:44)
2. Ang katawang pisikal ay ang _________ at ang katawang espirituwal ay ang _________.
3. Ang katawang pisikal ay tinatawag ding __________ na pagkatao at ang katawang espirituwal ay tinatawag ding ___________ na pagkatao. (2 Cor. 4:16)
4. Dapat tayong matakot sa Diyos na kayang sirain ang kapuwa __________ at __________ sa impiyerno. (Mateo 10:28)

## ❧ KAPITULO 2 ☙

## ANG KATAWANG PISIKAL AY PANSAMANTALA AT MABUBULOK!

### 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Hebreo 9:27a, "At gaya ng ito ay itinakda **sa mga tao ang minsang mamatay** …"

Roma 5:12, "Kaya nga, kung paanong sa pamamagitan ng iisang tao ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan; at sa gayon **ang kamatayan ay nailipat sa lahat ng tao**, dahil doon ang lahat ay nagkasala."

Roma 7:18a, "Sapagka't nalalaman ko na sa akin (iyon ay **sa aking laman,) ay walang nananahang mabuting bagay**:"

Roma 7:24, "O sawimpalad na tao ako! Sino ba ang magliligtas sa akin mula katawan ng kamatayang ito?"

1 Pedro 1:24, "**Sapagka't ang lahat ng laman ay gaya ng damo**, at ang lahat ng kaluwalhatian ng tao ay gaya ng bulaklak ng damo. Ang damo ay malalanta, at ang bulaklak nito ay nalalaglag:"

Gen. 3:19, "Sa pawis ng iyong mukha ikaw ay kakain ng tinapay, hanggang ikaw ay bumalik sa lupa; sapagka't mula doon ikaw ay nagmula, sapagka't ikaw ay alabok, at **sa alabok ikaw ay babalik.**"

1 Cor. 15:50, "Ngayon ay ito ang sinasabi ko, mga kapatid, na **hindi maaaring manahin ng laman at dugo ang kaharian ng Diyos**; ni hindi ang pagkasira ay magmamana ng di-pagkasira."

### ☞ Konklusyon:

Sa ating katawang pisikal ay walang pangakong pangwalang-hanggan, pag-asa o kaligtasang magpakailan-man. Ito ay mamamatay at mabubulok.

### ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang katawang pisikal ay hindi maaaring mabuhay magpakailan man; ito ay nakatakdang _________. (Hebreo 9:27)
2. Ang _______ ay nailipat sa lahat ng tao, dahil sa ang lahat ay nagkasala. (Roma 5:12)
3. Sinabi ng Biblia na ang katawang pisikal ay nagmula sa ______ at babalik sa _______ . (Genesis 3:19)
4. Ang _____ at ______ ay hindi maaaring magmana ng kaharian ng Diyos. (1 Cor. 15:50)
5. Ang katawang pisikal ay walang _________ magpakailan man.

## ☙ KAPITULO 3 ❧

# ANG KALULUWA AY WALANG-HANGGAN AT MABUBUHAY MAGPAKAILAN MAN

## ☝ Paunang Salita:

Ang kaluluwa ay mabubuhay magpakailan man, maging ito man ay sa langit o sa impiyerno.

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Daniel 12:2 "At marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay magigising, **ang ilan sa walang-hanggang buhay** at **ang ilan sa kahihiyan at walang-hanggang kapahamakan**."

Mateo 25:34, "Sa gayon ay sasabihin ng Hari (Jesus) sa kanila na nasa kaniyang kanang kamay, **Halikayo, kayong mga pinagpala ng aking Ama, manahin ang kahariang inihanda para sa inyo mula sa pagtatatag ng sanlibutan:**"

Mateo 25:41, "Sa gayon ay sasabihin din niya sa kanila na nasa kaliwang kamay, **Lumayo kayo sa akin, kayong mga isinumpa, sa walang-hanggang apoy**, na inihanda para sa diyablo at kaniyang mga anghel:"

Mateo 25:46, "At ang mga ito ay magpupunta sa **walang-hanggang kaparusahan**: datapuwa't ang matuwid sa **buhay na walang-hanggan**."

Mga Gawa 24:15b, "…**na magkakaron ng pagkabuhay muli ng mga patay, kapuwa ng matuwid at di-matuwid**."

1 Juan 2:25, "**At ito ang pangako na kaniyang ipinangako sa atin, maging ang walang-hanggang buhay**."

2 Tesalonica 1:7b-9, "…Kapag ang Panginoong Jesus ay dapat na maihayag mula sa langit kasama ang kanyang makapangyarihang mga anghel, Sa naglalagablab na apoy ay maghihiganti sa kanila na hindi nakakakilala sa Diyos, at hindi tumatalima sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesu-Cristo: Na maparurusahan ng **walang-hanggang kapahamakan** mula sa harapan ng Panginoon, at mula sa kaluwalhatian ng kanyang kapangyarihan."

## ☞ Konklusyon:

Kapag ang kaluluwa (panloob na tao) ay nahiwalay sa katawang pisikal (panlabas na tao), ito (ang kaluluwa) ay may malay at mabubuhay magpakailanman sa langit man o sa impiyerno.

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang panloob na pagkatao (o kaluluwa) ay mabubuhay ____________. (Mat. 25:46)
2. Ang ilang kaluluwa ay mayroong ___________ buhay at ang ilan ay may __________ kaparusahan. (Daniel 12:2)
3. Ang di-mananampalataya ay mabubuhay sa walang-hanggang __________ at walang hanggang ___________. (Mateo 25:41, 46)
4. Ang Diyos ay nangako ng _______ na walang hanggan sa sinumang tatanggap kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas. (Mateo 25:46, 1 Juan 2:25)

## ☙ KAPITULO 4 ❧

# KAILANGANG PAGHANDAAN NATIN ANG PATUTUNGUHAN NG WALANG-HANGGANG KALULUWA

## ☝ Paunang Salita:

Nakapagtataka, karamihan sa mga tao ay naghahanda para sa kinabukasan ng katawang pisikal at binabalewala ang tungkol sa Diyos at ang patutunguhan ng kanilang kaluluwa. Ang taong iyon ay napakamangmang.

Mga Awit 14:1, "**Sinabi ng mangmang sa kanyang puso, Walang Diyos**."

Ang sangkatauhan ay gumagawa ng magagandang plano sa kanyang buhay at nagsisikap na pagandahin ang pamumuhay: paglilibang, edukasyon, trabaho, pananalapi, kalusugan maging ang pagreretiro. Malaking panahon ang ginugugol sa pag-aalaga ng katawan na ngayon ay narito at bukas ay babalik sa alabok. Subali't napakaliit ng paghahandang iniuukol ng tao kung saan mamumuhay ang kanyang kaluluwa magpakailanman. Kung susuriin ang sumusunod na mga talata, nararapat lamang na paghandaan natin ang pakikipagtagpo natin sa Diyos na makapangyarihan na lumalang ng sanlibutan.

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Deut. 32:29, "Na sana sila'y pantas, na naunawaan ito, na kanilang **isaalang-alang ang kanilang kahahantungan**!"

Eccl. 11:8, "Datapuwa't kung ang tao man ay mabubuhay ng maraming taon, at magalak sa lahat ng iyon; **hayaang alalahanin niya ang mga araw ng kadiliman**; sapagka't ito ay marami."

Jeremias 29:13, "**Inyong hahanapin ako at matatagpuan ako, kapag hinanap ninyo ako ng inyong buong puso**."

Amos 4:12b, "…sapagka't gagawin ko ito sa iyo, **paghandaan mo ang iyong pagharap sa Diyos**."

Juan 3:3b, "**Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos**."

Juan 3:18, "Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinatulan; datapuwa't **siya na hindi sumasampalataya ay hinatulan na**, dahil hindi siya nananampalataya sa pangalan ng bugtong na isinilang na Anak ng Diyos."

Mga Gawa 16:31, "**Sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo at ikaw ay maliligtas** at ang iyong bahay."

Roma 14:11-12, "Yamang ako ay buhay, sinasabi ng Panginoon, **bawa't tuhod ay luluhod sa akin**, at **bawa't dila ay magpapahayag sa Diyos**. Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit ng kaniyang sarili sa Diyos."

2 Pedro 3:7, "Subali't ang mga langit at ang lupa, na narito ngayon, sa pamamagitan ng ganoon ding salita ay iningatan, **inilaan sa apoy sa araw ng paghuhukom at kapahamakan ng mga taong hindi maka-Diyos**."

## ☞ Konklusyon:

May mga katanungan na dapat nating itanong sa ating sarili: Saan mabubuhay ang aking kaluluwa ng magpakilanman? Ang puso ko ba ay tama sa harap ng

Diyos? Ako kaya ay handa nang humarap sa Diyos at hatulan sa aking mga kasalanan? Kailangan nating bigyang-pansin ang ating pagtanda at ang haba ng ating buhay. Lahat tayo ay haharap sa Diyos sa anumang oras, mas malapit sa gaya ng iniisip natin. Si Jesus ay nagbigay ng simpleng alituntunin kung paano maghahanda ang kaluluwa sa pagharap sa Diyos. Sinabi ni Jesus, "**KAYO AY DAPAT MAIPANGANAK NA MULI.**" (Juan 3:7b)

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang lahat ng tao ay dapat ________ sa pagharap sa Makapangyarihang Diyos. (Amos 4:12)
2. Matatagpuan natin ang Diyos kung __________ natin Siya ng buong puso. ( Jer. 29:13)
3. _________ siya na nagsasabing walang Diyos. (Mga Awit 14:1)
4. Sila na __________ ay hindi na hahatulan at ang sinumang hindi _________ ay nahatulan na. (Juan 3:18)
5. Ang bawa't isa sa atin ay magbibigay ________ sa Diyos. (Roma 14:12)

## ☙ KAPITULO 5 ❧

# DALAWANG KATAUHAN, DALAWANG KAPANGANAKAN AT DALAWANG KAHARIAN!

## ☝ Paunang Salita:

Upang maunawaan ang kahulugan ng **Ipinanganak ng Diyos,** kailangan nating makita ang pagkakaiba ng pisikal doon sa espirituwal. Ipinakita ni Jesus ang pagkakaiba ng pisikal sa espirituwal na katauhan (katawan at kaluluwa), ang pisikal at espirituwal na kapanganakan (isinilang at ipinanganak na muli) at ang pisikal at espirituwal na kaharian (kaharian ng mundong ito at kaharian ng Diyos). Balik-aralan natin si Nicodemo, pinuno ng mga judio na lumapit kay Jesus upang magtanong (Juan 3:1-8). Naniniwala si Nicodemo na si Jesus ay gurong nagmula sa Diyos at maaaring ito'y dahil sa mga himalang ginawa ni Jesus.

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

**Juan 3:3**, "Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Katotohanan, Katotohanan, sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Pansinin ang salitang "muli". Nang sinabi ni Jesus na "Maipanganak na muli," ang salitang "muli" ay nagpapahayag na may naunang kapanganakan.

**Juan 3:4**, "Si Nicodemo ay nagsabi sa kaniya, Paano ba na ang isang tao ay maipapanganak kung siya ay matanda na? maaari ba siyang pumasok sa ikalawang pagkakataon sa sinapupunan ng kaniyang ina, at maipanganak?"

Hindi maunawaan ni Nicodemo ang katotohanang espirituwal na ipinaliwanag ni Jesus. Iniisip niya ang kapanganakang pisikal at alam niya na hindi maaaring ipanganak pisikal sa ikalawang pagkakataon. Maliwanag na hindi nauunawaan ni Nicodemo ang pagkakaiba ng pisikal sa espirituwal.

**Juan 3:5,** "Si Jesus ay sumagot, Katotohanan, Katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban na ang isang tao ay maipanganak sa tubig at Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos." Ang pinakabuod ng talatang ito ay, "Maliban na ang tao ay **maipanganak sa tubig** at **sa Espiritu.**" Ang ilang iskolar ng Biblia ay naniniwalang ang "tubig" sa Juan 3:5 ay nagsisimbulo ng Banal na Espiritu o ng tubig ng Salita. Ang ibang iskolar naman ay naniniwalang patuloy na inihahalintulad ni Jesus ang kapanganakang pisikal sa kapanganakang espirituwal upang mas lalong madaling maunawaan ni Nicodemo ang tungkol sa kapanganakang muli. Yamang ginamit ni Jesus ang kapanganakang pisikal upang ipaliwanag ang kapanganakang espirituwal, ako ay naniniwalang ang kahulugan ng "ipanganak sa tubig" ay mas tamang sabihing ang tubig na inunan sa kapanganakang pisikal. Ang mga Pundamentalistang Iskolar ng Biblia ay sumasang-ayon na sa kabuuan ng talata sa Juan 3:5 ay hindi ito nangangahulugan ng tubig ng bautismo. Ang tubig sa Juan 3:5 ay nagsisimbulo ng kapanganakan, at hindi kamatayan, habang <u>ang bautismo ay nagsisimbulo ng kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay na mag-uli, hindi kapanganakan</u>:

"…nabautisnuhan sa kanyang kamatayan (Roma 6:3)."

"…inilibing kasama niya sa bautismo (Colosas 2:12)."

Ang pagbabautismo sa tubig ay gawaing pisikal at di nakapagliligtas, pero ito ay larawan ng Ebanghelyo ni Jesu-Cristo: ang kaniyang pagkamatay, pagkalibing at pagkabuhay na muli (1 Cor. 15:1-4). Ang may-akda ay naniniwalang ang tubig sa Juan 3:5 ay ang tubig sa sinapupunan; ito ay nagbibigay linaw sa ideya ng dalawang kapanganakan. Ang mga nanay ay nalalaman ang pangyayaring ito sa oras ng kanilang panganganak: "ang tubig ay tumagos na". Ang tubig ay nagdadala o nag-aakay sa sanggol sa kaharian ng mundong ito (kapanganakang pisikal) at napakagandang ipinakikita kung paano ang Banal na Espiritu ay nagdadala o nag-aakay ng mananampalataya patungo sa kaharian ng Diyos (kapanganakang espirituwal).

**Juan 3:6**, "Yaong ipinanganak sa laman ay laman; at yaong ipinanganak sa Espiritu ay espiritu." Muli, ipinakita ni Jesus ang pagkakaiba ng pisikal at espirituwal na kapanganakan. Kung ang isa ay ipinanganak ng magulang sa laman, ang taong iyon ay nararapat lamang na isang laman. Gayon din ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu. Ang binhi ay tumutubo at namumunga ayon sa kanyang likas. Ang ating unang kapanganakan ay mula sa binhi ng ating ama dito (makalaman at nabubulok). Ang ikalawang kapanganakan ay mula sa binhi ng ating Ama sa langit (espirituwal at di-nabubulok). Ang Juan 3:6 at 1 Pedro 1:23 ay kapuwa nagpapakita ng unang (pisikal) kapanganakan sa laman at ng ikalawang (espirituwal) kapanganakan mula sa Diyos.

**1 Pedro 1:23,** " Naging ipinanganak na muli, hindi sa nasisirang binhi, kundi sa di-nasisira, sa pamamagitan ng salita ng Diyos, na nabubuhay at namamalagi magpakailan man." Gamitin natin ang paghahalintulad upang ating malinawan:

| **Ipinanganak** | **Ipinanganak na Muli** |
|---|---|
| Ipinanganak sa nasisirang binhi | Ipinanganak sa di-nasisirang binhi |
| Ipinanganak sa laman | Ipinanganak ng Diyos |
| Ipinanganak pisikal | Ipinanganak espirituwal |

**Juan 3:7**, "Huwag mamangha sa sinabi ko sa iyo, Kayo ay dapat maipanganak na muli." Ang Panginoon ay ginamit ang "muli" patungkol sa ikalawang kapanganakan.

**Juan 3:8**, "Ang hangin ay umiihip kung saan nito nais, at naririnig ang ugong nito, nguni't hindi masasabi kung saan ito nanggagaling at kung saan ito paroroon: Gayon ang bawa't isa na ipinanganak sa Espiritu." Ang "Ipinanganak sa Espiritu" ay tumutukoy sa Banal na Espiritu o "**Ipinanganak ng Diyos**".

Ang kahalagahan ng "**Ipanganak ng Diyos**" (ikalawang kapanganakan) ay hayag din sa mga sumusunod na talata:

**Juan 1:12-13**, "Datapuwa't gaya ng marami na tumanggap sa kaniya, ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan upang maging mga lalaking **anak ng Diyos**, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa kaniyang pangalan: **na mga ipinanganak, hindi** ng dugo, **ni** ng kalooban ng laman, **ni** ng kalooban ng tao, **kundi ng Diyos**."

Makikita natin ang katuruan ni Jesus kay Nicodemo (Juan 3:1-8) sa paghahalintulad muli.

| **Ang Likas (Pisikal)** | **Ang Espirituwal** |
|---|---|
| Kaharian ng mundong ito | Kaharian ng Diyos |
| Kapanganakan sa laman | Kapanganakang espirituwal |
| Unang kapanganakan | Ikalawang kapanganakan |
| Ipanganak (tinutukoy) - v. 3 | Ipanganak na muli |
| Ipanganak sa tubig – v. 5 | Ipanganak sa Espiritu (ng Diyos) |
| Ipanganak sa laman – v. 6 | Ipanganak sa Espiritu (ng Diyos) |
| Ipanganak (tinutukoy) - v. 7 | Ipanganak na muli |

Ayon sa salita ng Diyos, maaari tayong maging mga anak ng Diyos. Bagama't ito ay ralasyon ng pagkataong espirituwal, ang relasyong ito ay nakakamit sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo at ito ay hindi pinaghihirapan. Ang tao ay hindi nagiging kabilang sa pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng gawain ng relihiyon, mabubuting mga gawa, pananalapi, bautismo, pagiging kaanib ng iglesya, o ano mang pisikal na gawa. Ang bagong kapanganakan ay espirituwal. Tayo ay ipinanganak ng Diyos (may bagong simula) nang tayo ay nagsisi, tumalikod mula sa dating di-pananalig tungo sa pagtanggap at pagsampalataya kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas.

Gawin natin ang paghahalintulad sa Juan 1:13, na ipinakikita ang katawan at kaluluwa.

| **Ang Katawang Likas** | **Ang Katawang Espirituwal** |
|---|---|
| (Ipinanganak sa Laman) | (Ipinanganak sa Espiritu) |
| Kaharian ng mundong ito | Kaharian ng Diyos |
| Kapanganakan sa laman | Kapanganakang espirituwal |
| Unang kapanganakan | Ikalawang kapanganakan |
| Ipanganak (tinutukoy) - v. 3 | Ipanganak na muli |
| Ipanganak sa tubig – v. 5 | Ipanganak sa Espiritu (ng Diyos) |
| Ipanganak sa laman – v. 6 | Ipanganak sa Espiritu (ng Diyos) |

Maliwanag na ipinakikita ng Biblia ang pagkakaiba ng pagkakaroon ng simula (kapanganakan) mula sa ating magulang dito sa lupa at ng simula (kapanganakan) mula sa Diyos. Ang panloob lamang o espirituwal na katauhan ang maaring ipanganak ng Diyos at magkaroon ng buhay na walang hanggan kasama ng Diyos sa langit.

## ☞ Konklusyon:

Maliwanag na itinuturo ng Biblia ang pangangailangan nating "**Ipanganak ng Diyos.**" Kung ang isang tao ay walang ikalawang kapanganakan (mula sa Diyos) ang ikalawang katauhan (ang kaluluwa) ay hindi makakarating sa ikalawang kaharian (kaharian ng Diyos).

## ✍ **PAGBABALIK-ARAL:**

1. Sinabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao ay ________________, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." (Juan 3:3)
2. Ang unang kapanganakan ay kapanganakan ng pisikal na _________ at ang ikalawang kapanganakan ay kapanganakan ng espirituwal na _________. (Juan 3:6)
3. Kapag tayo ay ipinanganak sa Espiritu, tayo ay nagiging anak ng ______. (Juan 1:12-13)
4. Mayroong dalawang pagkatao; ang _________ na pagkatao at ang _________ na pagkatao. (1 Cor. 15:44, 2 Cor. 4:16)
5. Mayroong dalawang kapanganakan: ang unang kapanganakan ay ipinanganak sa _____ ang ikalawang kapanganakan ay ipinanganak sa ________. (Juan 3:6)
6. Mayroong dalawang kaharian: ang kaharian ng _______ ito at ang kaharian ng ______ . (2 Cor. 4:4, Juan 3:3)

## ❧ KAPITULO 6 ❧

# ANO ANG IBIG SABIHIN NG IPANGANAK MULI O IPANGANAK NG DIYOS

## Paunang Salita:

Ang kapanganakan ay laging nangangahulugan ng simula ng buhay, isilang o bagong simula. Ang simple at laging gamit nito ay: **Ang pasimula**. Ito ay tumutukoy sa pasimula ng buhay na hiwalay sa sinapupunan ng ina, na kung tawagin natin ay araw ng kapanganakan.

## Pag-aaral ng Bibliya:

Sinabi ni Jesus kay Nicodemo, "Katotohanan, Katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban na ang isang tao ay maipanganak muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." (Juan 3:3b).

Ipinaliwanag lamang ni Jesus na para makita ang kaharian ng Diyos, si Nicodemo ay kailangang maisilang sa mundong espirituwal, gaya ng siya ay minsang isilang sa mundong pisikal. Masasabi nating ang isa ay kailangang magkaroon ng bagong pisikal na pasimula upang maging bahagi ng pamilya dito sa mundo at siya rin ay kailangang magkaroon ng bagong espirituwal na pasimula para maging bahagi ng pamilya ng Diyos.

## Konklusyon:

Ang pagiging "IPINANGANAK NA MULI" ay siyang bagong pasimula, o bagong buhay kay Jesu-Cristo, na nangyayari kapag tayo, na sumasampalatayang si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos, ay nagsisi sa ating mga kasalanan at tanggapin siya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Ang bagong pasimula ay siyang pagiging **IPINANGANAK NG DIYOS!**

## PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang simple at malimit na kahulugan ng ipanganak na muli ay ang magkaroon ng bagong __________.
2. Ipinaliwanag ni Jesus kay Nicodemo na ang kanyang kapanganakang pisikal ay hindi sapat. Kailangan siyang ipanganak na ________. ( Juan 3:3)
3. Para maipanganak na muli, si Nicodemo ay kailangang magkaroon ng bagong simula o bagong kapanganakan ng _________. (Juan 3:6)

## ☙ KAPITULO 7 ❧

# ANG KAPANGYARIHAN UPANG MAGING ANAK NG DIYOS AY NAGBUBUHAT SA DIYOS!

## ☝ Paunang Salita:

Juan 1:12, "Datapuwa't gaya ng marami na tumanggap sa kaniya, **ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan upang maging mga lalaking anak ng Diyos**, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa kanyang pangalan."

Hindi matatamo ng tao ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang sariling kalakasan, kakayahan o kayamanan, nguni't matatanggap niya ito bilang kaloob. Ang ilan ay naniniwalang sila'y anak ng Diyos dahil sa kanilang kabutihan, pagiging matuwid, o dahil sa kinabibilangang relihiyon. Ang gayong mga tao ay tumitingin sa kanilang sariling katalinuhan at kalakasang pisikal, hindi nalalaman na ang kaligtasan ay ibinibigay ng Diyos bilang kaloob.

Roma 10:3, "Sapagka't sila na mga walang-pagkaalam sa katuwiran ng Diyos, at nagsisikap na maitatag ang kanilang sariling katuwiran, ay hindi nagpasakop ng kanilang mga sarili sa katuwiran ng Diyos."

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

ANG TATLONG DAHILAN KUNG BAKIT ANG DIYOS LAMANG ANG MAKAPAGBIBIGAY NG ATING KALIGTASAN:

① **Ang panlabas na pagkatao ay walang magagawa** upang magbigay-buhay sa panloob nating pagkatao. Ang laman ay nasasakop ng makalamang likas.

Roma 7:18a, "Sapagka't nalalaman ko na sa akin (iyon ay **sa aking laman,) ay walang nananahang mabuting bagay**:"

Roma 3:10, "Gaya ng nasusulat, **Walang sinumang matuwid**, wala, wala ni isa:"

Roma 3:23, "**Sapagka't ang lahat ay nagkasala**; at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

Roma 6:23, "**Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan**; datapuwa't ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon."

Efeso 2:8-9, "Sapagka't sa biyaya ay naligtas kayo sa pamamagitan ng pananampalataya; at iyon ay **hindi sa inyong sarili**: ito ay kaloob ng Diyos: **Hindi sa mga gawa**, na baka ang sinuman ay magmayabang."

② **Ang pisikal na pagkatao ay hindi nakakaunawa ng mga bagay espirituwal.**

1 Cor. 2:14, "**Datapuwa't hindi tinatanggap ng likas na tao ang mga bagay ng Espiritu ng Diyos**: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: ni hindi niya maaaring malaman ang mga ito sapagka't ito ay nalalaman nang espirituwal."

Di ba nakapagtataka kung bakit ang mga matatalinong tao sa mundo ay hindi makaunawa ng mga bagay espirituwal? Si Nicodemo ay isang pinuno nguni't hindi niya maunawaan. Sa panahon ngayon, marami ang katulad niya.

Marcos 10:15, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, **Sinuman ang hindi tatanggap sa kaharian ng Diyos na gaya ng isang maliit na bata, siya ay hindi makapapasok doon**."

Efeso 4:17-19, “Ito ang sinasabi ko kung gayon, at pinatotohanan sa Panginoon, na kayo **mula ngayon ay huwag nang lumakad gaya ng ibang mga Gentil, sa kawalang-kabuluhan ng kanilang kaisipan, na ang kaunawaan ay nagdilim na hiwalay mula sa buhay ng Diyos** sa pamamagitan ng kamangmangan na nasa kanila dahil sa pagkabulag ng kanilang puso: na sila sa hindi na pagkakaramdam ay naibigay ang kanilang sarili sa kalibugan, upang gawin ang lahat ng karumihan na may kasakiman.”

2 Tim. 2:7, “Isaalang-alang ang sinasabi ko; at ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng kaunawaan sa lahat ng mga bagay.”

③ **Ang kaligtasan ay ibinibigay lamang bilang kaloob**. Hindi natin ito kayang bilhin o pagtrabahuhan. Matatanggap natin ito bilang kaloob.

Juan 3:16, “Sapagka’t gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na **ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak**, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya a hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay.”

Juan 4:10, “Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, **Kung nalalaman mo ang kaloob ng Diyos**, at kung sino ito na nagsasabi sa iyo na, Bigyan mo ako ng maiinom; ninais mo sanang humingi sa kaniya, at **bibigyan ka niya ng buhay na tubig**.”

Roma 6:23b, “...datapuwa’t ang **kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay** sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.”

2 Cor. 9:15, “**Salamat sa Diyos dahil sa kaniyang di-mailarawang kaloob**.”

Efeso 2:8, “Sapagka’t sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at iyon ay hindi sa inyong sarili: **ito ay kaloob ng Diyos.”**

## ☞ Konklusyon:

Ang kaligtasan ay matatanggap natin sa kundisyong itinakda ng Diyos at hindi ng ating sarili. Ang kaligtasan ay hindi isang bagay na ating inaabot, kundi kaloob na ibinibigay ng Diyos sa nananampalataya. Sa pananampalataya ay maaari nating tanggapin si Jesu-Cristo, matamo ang kaloob ng Diyos na buhay na walang hanggan at maging anak ng Diyos. Juan 1:12, “Datapuwa’t **gaya ng marami na tumanggap sa kaniya, ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan upang maging mga lalaking anak ng Diyos**, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa kanyang pangalan.”

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang kapangyarihan upang maging anak ng Diyos ay nagmumula sa ______. (Juan 1:12)
2. Ang panlabas na pagkatao (laman) ay _______ magagawa upang makamit ang kaligtasan para sa panloob na pagkatao (kaluluwa). (Roma 3:10, 23; Efeso 2:8-9)
3. Ang likas na pagkatao ay hindi makakaunawa ng _________ na bagay. (1 Cor. 2:14; Marcos 10:15)
4. Ang kaligtasan ay isang _________ mula sa Diyos at hindi maaaring bilhin o pagtrabahuhan. (Juan 3:16, 4:10; Roma 6:23; 2 Cor. 9:15)

## ☙ KAPITULO 8 ❧

## SIYA NA IPINANGANAK NG DIYOS AY MAY KASIGURUHAN NG WALANG HANGGANG KALIGTASAN

### ☝ Paunang Salita:

Karamihan sa mga tao ay may relihiyon para sa panlabas nguni't kakaunti ang may kaligtasan para sa kaluluwa.Walang halaga sa isang tao ang hanapin ang kasiguruhan ng kaligtasan kung siya naman ay wala nito. Walang kaligtasan sa mabuting gawa, relihiyon o iglesya; ang pananampalataya lamang kay Jesu-Cristo ang nagbubunga ng kaligtasan at ganap na kasiguruhan.

### 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Juan 3:14-16, "At gaya ni Moises na itinaas ang ahas sa ilang, gayon din dapat ang Anak ng Tao ay maitaas: **Upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak** kundi magkaroon ng **walang-hanggang buhay**. Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang **sinumang sumampalataya sa kaniya a hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay."**

Juan 3:36, "**Siya na sumasampalataya sa Anak ay may walang-hanggang buhay**: at siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makikita ang buhay; kundi ang poot ng Diyos ang nananahan sa kaniya."

**ANG WALANG-HANGGAN AY WALANG KATAPUSAN AT MAGPAKAILAN MAN!** Ito ang pangako ng Diyos, na hindi maaring magsinungaling. Ang buhay na walang hanggan ay buhay na walang katapusan. Ano mang buhay na may hangganan ay hindi (at kailan man ay hindi) walang-hanggang buhay. **WALANG SINUMANG NAITALA SA BIBLIA NA NALIGTAS NG DALAWANG BESES**. Tinatanggap natin ang kaloob ng Diyos na buhay na walang-hanggan minsan lamang at ito ay magpakailan man.

Efeso 4:30, "At huwag pighatiin ang Banal na Espiritu ng Diyos, na sa kaniya kayo ay **TINATAKAN** hanggang sa araw ng katubusan." Ang salitang tinatakan ay nangangahulugan ng tinapos na kasunduan. Tayo ay kanyang pag aari na.

2 Tim. 1:12b, "…Sapagka't nalalaman ko kung sino ang aking sinampalatayanan, at nakatitiyak ako na kaya niyang **ingatan** yaong aking ipinagkatiwala sa kaniya." Nakasisiguro tayong ang Diyos ay kayang ingatan ang walang-hanggang kaluluwa.

Roma 8:31, "Ano ba ang masasabi natin tungkol sa bagay na ito? **Kung ang Diyos ay para sa atin, sino ba ang magiging laban sa atin**?"

Roma 8:35a, "**Sino ba ang maghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo**?"

Roma 8:38-39, "Sapagka't ako ay nakatitiyak, na hindi ang kamatayan, ni ang buhay, ni ang mga anghel, ni mga pamunuan, ni mga kapangyarihan, ni mga bagay sa kasalukuyan, ni mga bagay na darating, ni ang kataas-taasan, ni ang kalaliman, ni ang anumang ibang nilalang, ay makakayang ihiwalay tayo mula sa pag-ibig ng Diyos na na kay Cristo Jesus na ating Panginoon."

Roma 10:9, "Na kung ipapahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at

mananampalataya sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay **MALILIGTAS**."

Juan 10:27-29, "Ang aking tupa ay nakikinig sa tinig ko, at nakikilala ko sila, at sila ay sumusunod sa akin: at **Ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay; at sila ay HINDI KAILAN MAN MAPAPAHAMAK**, ni maaagaw sila ng sinumang tao mula sa aking kamay. Ang aking Ama, na nagbigay sa kanila sa akin , ay lalong dakila sa lahat; at **walang taong makakayang agawin sila mula sa kamay ng aking Ama**."

Hebreo 10:14, "Sapagka't sa pamamagitan ng iisang paghahandog ay **NAPASAKDAL** niya magpakailan man sila na mga pinabanal."

2 Tim. 4:18, "At ang Panginoon ang magliligtas sa akin mula sa bawa't masamang gawa, at **MAG-IINGAT** sa akin sa kaniyang makalangit na kaharian: sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan at kailan man. Amen."

1 Pedro 1:3-5, "Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na ayon sa kaniyang masaganang kahabagan ay **IPINANGANAK** tayong muli **sa isang buhay na pag-asa** sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Jesu-Cristo mula sa mga patay. **Sa isang pamanang** di-nasisira, at di-nadudungisan, at iyong **HINDI KUMUKUPAS**, **INILAAN SA LANGIT** para sa inyo, na iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaligtasang nakahanda upang maihayag sa huling panahon."

Tayo ay naligtas, tinatakan, pinananatili, pinasakdal at iniingatan ng kapangyarihan ng Diyos, at ang Panginoong Jesu-Cristo ay nananalangin para sa kanila na pag-aari niya. Mayroon tayong ganap na kasiguruhan ng kaligtasan nalalamang ang lumalang ng sanlibutan (Juan 1:3), ay namamagitan para sa atin. Nananalangin Siya sa Ama at sila ay isa (Juan 10:30).

Juan 17:9, "**Ako ay nananalangin para sa kanila**: ako ay hindi nananalangin para sa sanlibutan, kundi para **sa kanila na iyong naibigay sa akin**; sapagka't sila ay sa iyo."

Heb. 7:25, "Kung gayon ay kaya rin niyang **<u>ILIGTAS</u>** nang lubos sila na lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, nakikitang siya ay laging nabubuhay upang gumawa ng pamamagitan para sa kanila."

Upang magkaroon ng ganap na kasiguruhan ng kaligtasan, kailangan nating unawain at tingnan ang pangangailangan. Si Jesu-Cristo ay dumating upang magligtas ng **KALULUWA** ng tao, hindi ng kanyang katawan. Sinabi ni Pablo, 2 Tim 2:7, "Isaalang-alang ang sinasabi ko; at ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng kaunawaan sa lahat ng mga bagay."

## ☞ <u>Konklusyon:</u>

Kung naniniwala tayo sa Diyos at sa Biblia na ito'y totoo, kailangan din nating maniwala na ang kaluluwa na "Ipinanganak ng Diyos" ay **BINIGYANG-BUHAY, INILIGTAS, TINATAKAN, PINANANATILI, PINASAKDAL AT INIINGATAN NG DIYOS MAGPAKAILAN MAN.** Sa isang mananampalataya, ito ay kasiguruhan ng kaligtasan magpakailan man.

## ✍ **PAGBABALIK-ARAL:**

1. Ang isang tao ay hindi magkakaroon ng kasiguruhan ng kaligtasan kung siya ay _______ naman nito.
2. Ang mga mananampalataya ay ________ hanggang sa araw ng katubusan. (Efeso 4:30)
3. Ang Diyos ay kayang ________ ang ating kaluluwa kapag ipinagkatiwala natin ito sa Kanya. (2 Timoteo 1:12)
4. Sinabi ni Jesus na Kanyang bibigyan ng buhay na walang hanggan ang mga mananampalataya at sila kailan man ay hindi _________. (Juan 10:27-30)
5. Sila na mga pinabanal ay _____________ niya magpakailan man. (Hebreo 10:14)
6. Sinabi ni Pablo na ang Panginoon ang ________ sa kanya hanggang sa kaharian ng langit. (2 Timoteo 4:18)

## ☙ KAPITULO 9 ❧

# ANG MGA IPINANGANAK NG DIYOS AY LIGTAS MAGPAKAILAN MAN

## 🕮 <u>Pag-aaral ng Bibliya:</u>

Roma 4:8, "**Mapalad ang tao na sa kaniya ay hindi ibibilang ng Panginoon ang kasalanan**."

1 Juan 3:6, "**Sinuman ang nanatili sa kaniya ay hindi nagkakasala**: sinuman ang nagkakasala ay hindi pa nakakakita sa kaniya, ni nakakikilala sa kaniya."

1 Juan 3:9, "**Sinuman ang <u>IPINANGANAK NG DIYOS</u>** ay hindi gumagawa ng kasalanan; sapagka't ang kaniyang binhi ay nananatili sa kaniya: **at siya ay hindi maaaring magkasala, sapagka't siya ay ipinanganak ng Diyos.**"

1 Juan 5:4-5, "Sapagka't **anuman ang <u>IPINANGANAK NG DIYOS</u>** ay **napagtatagumpayan ang sanlibutan**, at ito ang tagumpay na napagtatagumpayan ang sanlibutan, samakatuwid ay ang ating pananampalataya. Sino ba siya na napagtagumpayan ang sanlibutan, kundi siya na sumasampalataya na si Jesus ay ang Anak ng Diyos."

1 Juan 5:18, "Nalalaman natin na **sinuman ang <u>IPINANGANAK NG DIYOS</u> ay hindi nagkakasala**; datapuwa't siya na isinilang ng Diyos ay iniingatan ang kaniyang sarili, **at hindi siya ginagalaw ng masamang iyon**."

Ang buod ng mga talatang nabanggit ay: "**<u>SINUMAN ANG IPINANGANAK NG DIYOS</u>**". Dahil sa kakulangan at maling pag-unawa sa Salita ng Diyos, maraming mga tagapagturo at kolehiyo ng Biblia ang nagtuturo na ang kahulugan ng "<u>hindi gumagawa (commit) ng kasalanan</u>" ay: <u>hindi na nagpapatuloy sa paggawa (practice) ng kasalanan</u>. Ang mali sa katuruang ito ay "practice" na tumutukoy sa katawang pisikal habang ang talatang nabanggit ay tumutukoy sa katawang espirituwal, yaong ipinanganak ng Diyos. (Tingnan sa Strong's Concordance, Dictionary at ihambing ang <u>no. 4160-commit</u> sa <u>no.4238-practice)</u>. Ang kalimitang kamalian ay ang kakulangan ng pagbibigay-diin kung alin ang pisikal sa espirituwal na katawan.

Ang "**<u>SINUMAN ANG IPINANGANAK NG DIYOS</u>**" ba ay tumutukoy sa pisikal (panlabas) na pagkatao o espirituwal (panloob) na pagkatao. Ang panlabas na katawan ba ang ipinanganak ng Diyos? Hindi! Ang laman ay hindi ang siyang binhi ng Diyos, ni ang panlabas na pagkatao ang ipinanganak ng Diyos. Ang laman ay ipinanganak ng nasisirang binhi, may makasalanang likas, makasalanang pita, at nakikipagtunggali sa espiritu. Ang mga talatang nabanggit ay hindi nangangahulugan ng di na pagkakasala ng panlabas na pisikal na pagkatao. Ang pisikal, makasalanang likas ng laman (ang panlabas na tao), ay laging nadadala sa paggawa ng kasalanan habang ito ay nabubuhay. Kaya nga, "**<u>SINUMAN ANG IPINANGANAK NG DIYOS</u>**" ay ang panloob, espirituwal na kaluluwa.

1 Juan 5:1a. "**Sinuman ang nananampalataya na si Jesus ay ang Cristo ay <u>ipinanganak ng Diyos:</u>**" Ang panloob na tao ang siyang sumasampalataya o hindi sumasampalataya. Ang di-pagsampalataya (kasalanan ng panloob na pagkatao) ang tanging kasalanan na magdadala sa hanggang kapahamakan. Ang

mga kasalanan sa laman ay magbubunga ng kasiraan at kamatayang pisikal (Galacia 6:8, Hebreo 9:27).

Juan 3:18, "Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinatulan: datapuwa't siya na hindi sumasampalataya ay hinatulan na, **dahil hindi siya nanampalataya** sa pangalan ng bugtong na isinilang na Anak ng Diyos."

## ☞ Konklusyon:

"**SINUMAN ANG IPINANGANAK NG DIYOS AY HINDI GUMAGAWA NG KASALANAN!**"

Ang panloob, espirituwal na kaluluwa lamang ng tao ang ipinanganak ng Diyos at ang panloob na iyon na ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala at hindi maaaring magkasala. Ang kasalanang magdadala sa kaluluwa sa walang-hanggang kapahamakan ay ang **di-pagsampalataya**! Ang pananampalataya ang siyang nananaig sa di-pagsampalataya at nagpapalaya sa kaluluwa. Kung ang isa ay ipinanganak ng Diyos at di magkakasala, ang kaluluwang iyon ay ligtas magpakailan man at di na mapapahamak o mahatulan papuntang impiyerno. Hebreo 10:14, "Sapagka't sa pamamagitan ng iisang paghahandog ay **napasakdal niya magpakailan man** sila na mga pinabanal."

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. "Sinumang ipinanganak ng Diyos" ay tumutukoy sa ________ na pagkatao at hindi sa _________ na pagkatao. (Juan 3:9)
2. Sinumang nananampalataya na si Jesus ang Cristo ay ____________ ___ _______. (1 Juan 5:1)
3. "Sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi __________." (1 Juan 5:18)
4. "Sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi gumagawa ng _________." (1 Juan 3:9)
5. Kung ang kaluluwa ay hindi magkakasala, ang kaluluwa bang iyon ay mahahatulan pa o mapapahamak magpakailan man?
   Oo ____ o Hindi ____

## ☙ KAPITULO 10 ❧

## BILANG IPINANGANAK NG DIYOS, ITO AY AGAD NAGBUBUNGA NG PAGBABAGONG PANLOOB

### ☝ Paunang Salita:

Ang agaran at literal na pagbabago ay nangyayari sa panloob (espirituwal) na pagkatao, sa oras ng pagtanggap kay Cristo. Kaya lang, kasabay ng pagbabagong panloob ay ang pagkakaroon ng alitan ng lumang makalamang likas at ng bagong espirituwal na likas.

### 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

2 Cor. 5:17, "Samakatuwid kung ang sinumang tao ay na kay Cristo, siya ay **bagong nilalang**: ang lumang mga bagay ay lumipas na; masdan ang lahat ng mga bagay ay naging bago."

Gal. 6:15, "Sapagka't kay Cristo Jesus ay hindi ang pagtutuli ang nakagagawa ng anumang bagay, ni ang di-pagtutuli, kundi ang isang **bagong nilalang**."

Roma 7:23, "Datapuwa't nakikita ko ang isa pang batas sa aking mga bahaging-katawan, na **nakikidigma laban sa batas ng aking kaisipan**, at dinadala ako sa pagkabihag sa batas ng kasalanan na nasa aking bahaging-katawan."

Roma 8:7-9, "Dahil **ang makalamang pag-iisip ay pakikipag-away laban sa Diyos**; sapagka't ito ay hindi nagpapasakop sa batas ng Diyos, ni tunay na hindi maaari. Kaya nga sila na nasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos. Datapuwa't kayo ay mga wala sa laman, kundi nasa Espiritu, **kung gayon nga na ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo. Ngayon kung ang sinumang tao ay hindi taglay ang Espiritu ni Cristo, ay hindi siya sa kaniya**."

1 Pedro 2:11, "Mga pinaka-iibig, ako ay namamanhik sa inyo gaya ng mga dayuhan at mga manlalakbay, **magpigil sa makalamang mga pita, na nakikidigma laban sa kaluluwa**."

### ☞ Konklusyon:

"Ang bagong nilalang" ay ang panloob na pagkatao na nagkaroon ng pagbabago sa isip, pag-uugali at likas espirituwal. Bilang bunga ng pagbabagong panloob, ay bagong likas espirituwal at ang lumang makalamang likas ay nakikipagtunggali upang mapigil ang laman. Habang tayo ay napapalapit kay Cristo at tumitibay sa pananampalataya, mas napagtatagumpayan natin at napipigil ang makalamang likas at naisin ng laman.

### ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Sinumang ipinanganak ng Diyos ay bagong _________ at tumanggap ng bagong espirituwal na _________. (2 Cor. 5:17)
2. Sa sinumang na kay Cristo, ang mga ________ _________ ay lumipas na at ang lahat ng bagay ay naging _________. (2 Cor. 5:17)
3. Ang batas ng bahagi ng katawang pisikal ay __________ laban sa espirituwal na likas ng mga ipinanganak ng Diyos. (Roma 7:23)
4. Ang makalamang pag-iisip ay laban sa _________. (Roma 8:7-9)

## ☙ KAPITULO 11 ❧

# ANG KASIGURUHAN NG KALULUWA AY HINDI PAHINTULOT SA LAMAN PARA GUMAWA NG ASALANAN

## ☝ Paunang Salita:

Ang ilang mga Cristiano ay ipinipilit na ang doktrina ng kasiguruhan ng kaligtasan (eternal security) ay pahintulot o lisensya para mabuhay na parang isang diyablo at mapunta pa rin sa langit. Muli, ang pagkalito sa laman (panlabas na pagkatao) at sa kaluluwa (panloob na pagkatao) ay nagbubunga ng kamalian. Roma 6:1-2, "Ano ba ang ating masasabi kung gayon? Tayo ba ay magpapatuloy sa kasalanan, upang ang biyaya nawa ay sumagana? Huwag nawang ipahintulot ng Diyos. Paano ba tayo, na mga patay na sa kasalanan, ay mabubuhay pa ng matagal dito?"

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Roma 7:22-25, "Sapagka't ako ay natutuwa sa batas ng Diyos ayon sa panloob na tao: Datapuwa't nakikita ko ang isa pang batas **sa aking mga bahaging-katawan**, na nakikidigma laban sa batas ng aking kaisipan, at dinadala ako sa pagkabihag sa batas ng kasalanan na nasa **aking bahaging-katawan**. O sawimpalad na tao ako! Sino ba ang magliligtas sa akin mula katawan ng kamatayang ito? Pinasasalamatan ko ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon. Kaya nga sa pamamagitan ng kaisipan ay naglilingkod ako mismo sa batas ng Diyos; datapuwa't sa pamamagitan ng laman ay sa batas ng kasalanan?"

Roma 8:1, "**Samakatuwid ay wala na ngayong kahatulan sa kanila na mga na kay Cristo Jesus**, na lumalakad hindi ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu."

1 Pedro 2:11b, "...magpigil sa makalamang mga pita, na nakikidigma laban sa kaluluwa."

## ☞ Konklusyon:

Ang panloob na pagkatao na ipinanganak ng Diyos ay bagong nilalang, at **HINDI NAGNANASA** na gawin ang pita ng laman, nguni't pilit na ninanais mapigilan ang makalamang pita nito, at nalulungkot kapag ang laman ay nanaig. **Ang sinuman na ang likas espirituwal ay nais gawin ang pita ng laman, ay walang bagong kalikasan at kailan man ay hindi ipinanganak ng Diyos!**

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang likas ng laman ay ___________ laban sa bagong likas. (Roma 7:22-25)
2. Hindi natin kailangang magpatuloy sa makalamang kasalanan upang mapatunayan ang _________ ng Diyos. (Roma 6:1-2)
3. Bilang mananampalataya, kailangan nating _________ sa makalamang pita, na nakikipagdigma laban sa _________. (1 Pedro 2:11)
4. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad, hindi ayon sa _______ kundi ayon sa _________. (Roma 8:1)

## ☙ KAPITULO 12 ❧

# MGA KASALANAN NG MAKALAMANG KATAWAN AT ANG KASALANAN NG KALULUWA

## ☝ Paunang Salita:

Maaaring may magtanong, "Mayroon bang magkakaibang kasalanan ang makalamang katawan at katawang espirituwal?" Oo, at talagang totoo! Bagama't may mga iglesyang nagtuturo na ang kaligtasan ay kinakailangan ang ganap na walang kasalanan ang pisikal na katawan, iyon ay imposible at hindi ayon sa sinasabi ng Biblia. Ang lakad ng Cristiano ay nakikita sa kanyang panlabas na tao o buhay, nguni't ang makalaman o panlabas na pagkatao ay laging salungat sa panloob na pagkatao. Ang Cristiano, matapos ilagak ang pananampalataya kay Jesu-Cristo, ay nagiging espirituwal na nilalang, na mayroong panloob (inward) na kalikasan. Habang lumalago ang Cristiano, pinipilit niyang mapigilan at isailalim ang makalamang likas. Ang Biblia ay kapuwa itinuturo ang katawang pisikal at katawang espirituwal, subali't marami ang hindi nakauunawa sa katawang espirituwal ito man ay sinasadyang balewalain o dahil sa kakulangan ng tagapagturo. "Likas" sa atin ang bigyang halaga ang pisikal at "espirituwal" naman ito sa mga ipinanganak ng Diyos na bigyang halaga ang bagay espirituwal. Sa mga sumusunod na talata ay makikita ang pagkakaiba.

## 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

### A. SINASABI NG BIBLIA NA LAHAT TAYO AY NAGKAKASALA!

Roma 3:9-10, "Ano ba kung gayon? Tayo ba ay mas mabuti kaysa sa kanila? Hindi sa anumang paraan: sapagka't napatunayan na namin nang una ang kapuwa Judio at mga Gentil, na silang **lahat ay nasa ilalim ng kasalanan**; Gaya ng nasusulat, **Walang sinumang matuwid**, wala, wala ni isa: "

Roma 3:23, "**Sapagka't ang lahat ay nagkasala**; at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

1 Juan 1:8-10, "Kung **sinasabi natin na tayo ay walang kasalanan**, ay nililinlang natin ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. **Kung ipinahahahayag natin ang ating mga kasalanan**, ay matapat at matuwid siya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at upang linisin tayo mula sa lahat ng di-pagkamatuwid. **Kung sinasabi natin na tayo ay hindi nagkasala**, ay ginagawa natin siyang sinungaling, at ang kaniyang salita ay wala sa atin."

### B. SINASABI NG BIBLIA NA YAONG IPINANGANAK NG DIYOS AY HINDI MAAARING MAGKASALA!

1 Juan 3:6, "**Sinuman ang nanatili sa kaniya ay hindi nagkakasala**: sinuman ang nagkakasala ay hindi pa nakakakita sa kaniya, ni nakakikilala sa kaniya."

1 Juan 3:9, "**Sinuman ang ipinanganak ng Diyos** ay hindi gumagawa ng kasalanan; sapagka't ang kaniyang binhi ay nananatili sa kaniya: **at siya ay hindi maaaring magkasala, sapagka't siya ay ipinanganak ng Diyos."**

1 Juan 5:4a, “**Sapagka't anuman ang ipinanganak ng Diyos** ay **napagtatagumpayan ang sanlibutan:”**
1 Juan 5:18, “Nalalaman natin na **sinuman ang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala**; datapuwa't siya na isinilang ng Diyos ay iniingatan ang kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masamang iyon.”

## ☞ Konklusyon:

Ang **A** at **B**, (naunang talata), ay magiging salungat sa Salita ng Diyos kung si Apostol Juan ay hindi ipinakikita ang pagkakaiba sa pagitan ng likas na tao at espirituwal na katauhan. Ang “**A**” **ay tumutukoy sa mga kasalanang panlabas, makalamang katawan** at ang “**B**” **ay tumutukoy sa kawalan ng kasalanan ng panloob ng katawang espirituwal ng mga ipinanganak ng Diyos.**

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. “Ang _______ ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.” (Roma 3:23)
2. “Kung sasabihin natin na tayo ay ________ kasalanan, ay nililinlang natin ang ating sarili,” (1 Juan 1:8a)
3. Hindi _____________ ng Diyos ang kasalanan sa mananampalataya. (Roma 4:8)
4. Ang isang kasalanan na magpapahamak sa kaluluwa ay ang ___________. (Juan 3:18)

## ↪ KAPITULO 13 ↩

# TAYO AY INAATAKE NI SATANAS SA PAMAMAGITAN NG LAMAN

## **Paunang Salita:**

Ayon sa 1 Juan 2:16, lahat ng kasalanan ng laman ay mababahagi sa tatlong uri: 1. *pita ng laman*; 2. *pita ng mga mata*; 3. *kapalaluan ng buhay*.

## **Pag-aaral ng Bibliya:**

Ating tunghayan si Eba sa hardin ng Eden. Si Eba ay nagkasala sa tatlong uri ng kasalanan nang kainin niya ang ipinagbabawal na bunga (Genesis 3:6):

1. Ang bunga ay magandang kainin (pita ng laman)
2. Ito ay maganda sa paningin (pita ng mga mata)
3. Ito magbibigay ng katalinuhan (kapalaluan ng buhay)

Si Eba ay nagkasala ng makalamang kasalanan, nguni't bago siya naakit sa makalamang tukso, si Eba ay nagkasala na ng mas malaking kasalanan. Ang unang kasalanan ni Eba ay sa kanyang panloob na katauhan: **Hindi siya naniwala at nagtiwala sa Diyos at sa Kanyang salita!**

Sa tatlong uring ito, sa nabanggit na talata, napapaloob ang lahat ng kasalanan sa laman, kabilang si David (2 Samuel 11:2-6) at si Samson (Mga Hukom 14:1,2, 12). Makikita natin sa Mateo 4:1-10 kung saan sinubukang tuksuhin ni Satanas ang ating Panginoon sa tatlo ring uri ng kasalanan na nabanggit. Si Satanas ay namanhik kay Jesus na:

1. Bigyan ng kasiyahan ang **laman** sa pamamagitan na pag-utos sa bato na maging tinapay, v-3.
2. Bigyan ng kasiyahan ang **mata** sa pagtingin sa kaharian ng mundong ito, v-8.
3. Bigyan ng kasiyahan ang **kapalaluan ng buhay** sa pagpapatunay na siya nga ang Anak ng Diyos, v-6.

## **Konklusyon:**

Ang ating Tagapagligtas ay napagtagumpayan ang laman. Siya ay ganap at walang kasalanan bilang tao at Diyos. Galacia 5:24, "At silang na kay Cristo ay ipinako na sa krus ang laman na kasama ng mga kahalingan at mga pita." Kung nais magtagumpay ng Cristiano sa mundong ito, kinakailangang ipako at pigilan niya ang kanyang laman.

## **PAGBABALIK-ARAL:**

Si Satanas ay umaatake sa bawa't isa sa tatlong kategorya ng makalamang kasalanan. Sagutin mula sa 1 Juan 2:16.

1. Pita ng ________ .
2. Pita ng ________ .
3. Kapalaluan ng _______.

## ೞ KAPITULO 14 ೞ

# HINDI ANG IYONG LAMAN ANG MAGTATAKDA NG PATUTUNGUHAN NG IYONG KALULUWA

## ☝ Paunang Salita:

May mga naniniwalang ang mabubuting tao ay pupunta sa langit at ang masasama ay pupunta ng impiyerno. **ITO AY HINDI TOTOO!** Kung mabuting tao lamang ang pupunta ng langit, wala sa atin ang makakarating sapagka't, "…walang sinuman na gumagawa ng mabuti, wala, wala ni isa" (Roma 3:12). Kung masasama lang ang pupunta ng impiyerno, lahat tayo ay paroroon sapagka't "Lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23); Tingnan natin ang ilang napunta sa impiyerno, ang isang napunta ng langit, at ang pagkakaiba.

## 📖 Pag-aaral ng Bibliya:

**Ang mayamang lalaki:** Lucas 16:22-23, "…ang mayamang lalaki ay namatay rin at inilibing; at sa impiyerno ay itiningala niya ang kaniyang mga mata, na nasa pagdurusa," Ang Biblia ay hindi nagtala ng anumang kasamaang kaniyang nagawa, bagama't lahat ay makasalanan. Ganon pa man, hiniling ng mayamang lalaki na isugo si Lazaro upang balaan ang kanyang mga kapatid "na baka sila rin ay makarating sa lugar na ito ng pagdurusa" (v. 28). Sinabi ni Abraham (Lucas 16:31), "Kung hindi nila pakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay hindi rin sila mahihikayat, bagaman ang isa ay bumangon mula sa mga patay." Makikitang ang mayamang lalaki ay hindi sumampalataya sa Diyos noong siya'y nabubuhay, at naging mananampalataya na nong nasa impiyerno. Siya'y sumampalataya, nguni't huli na ang lahat!

**Ang Fariseo**: Sa Lucas 18:11-14 ay ipinakikita sa mga talata ang buhay ng Fariseo. Nagpatotoo siya na **siya ay hindi** mangingikil, mangangalunya, o masama, siya'y nag-aayuno dalawang beses isang linggo, nagbibigay ng ikapu ng lahat ng meron siya, at siya'y isang pinuno ng relihiyon. Siya ay nagtitiwala sa kanyang kabutihan sa halip na sa Panginoong Jesu-Cristo at sinabi ni Jesus na ang Fariseo ay hindi pinawalang-sala.

**Haring Agripa**: Nang si Apostol Pablo ay nagsasalita sa harap ni Haring Agripa, sinabi niya, "Haring Agripa, naniniwala ka ba sa mga propeta? Nalalaman ko na ikaw ay naniniwala. At sa gayon si Agripa ay nagsabi kay Pablo, Halos mahikayat mo na akong maging isang Cristiano" (Mga Gawa 26:27-28). Si Haring Agripa ang namumuno sa templo sa Jerusalem at siyang nag-aatas sa pinunong saserdote. Walang natala sa Biblia na kasamaan ni Agripa subali't siya ay namatay na walang Cristo.

**Ang magnanakaw sa krus**: Naaalala mo ba ang magnanakaw na kasama ni Cristo sa krus. Inamin niyang siya ay nagkasala at nararapat lamang parusahan ng kamatayan. Wala tayong tala kung siya ay nakagawa ng kahit isang kabutihan, naging kasapi ng iglesya, nagbigay ng ikapu, o nabautismuhan. Ang taong ito ay masama, subali't siya ay sumampalataya kay Jesus. Ito ay napatunayan sa: pag-amin sa kasalanan, tinanggap si Jesus bilang Panginoon at

paghiling kay Jesus. Sinabi ni Jesus sa masamang lalaki, "Ngayon din ay makakasama kita sa paraiso" (Lucas 23:43b).

## ☞ Konklusyon:

- ☑ **Walang kasalanan sa laman ang maaaring maging dahilan upang mapunta sa impiyerno ang isang kaluluwa.**
- ☑ **Walang kabutihan ng laman ang naging dahilan upang ang isang kaluluwa ay tanggapin sa langit.**
- ☑ **Ang kasalanan na nagdala sa kaluluwa pa impiyerno ay ang "DI-PANANAMPALATAYA".**
- ☑ **Ang kaligtasan magpakailan man ng kaluluwa ang kaloob ng Diyos sa NANANAMPALATAYA.**
- ☑ **Ang PAGSAMPALATAYA at DI-PAGSAMPALATAYA ay gawa ng panloob na pagkatao, hindi ng laman, at ang NAGTITIWALA kay Jesu-Cristo ay walang dahilan upang DI-MAGTIWALA. Ang panloob na pagkatao (kaluluwa), na ipinanganak ng Diyos, ay di-maaaring magkasala ng di-pagsampalataya at ang kaluluwang iyon ay hindi kailan man mapapahamak.**

(Kung ito ay mahirap unawain, basahin uli ang: 1 Juan 3:6, 3:9; 5:4, 5:18.)

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Ang mga tao ba na matuwid (sa mata ng mundo) ay gugugolin ang habang panahon sa impiyerno? Oo _____ o Hindi _____ (Lucas 16:22-23)
2. Ang mga tao bang hayag ang kasamaan ay maaaring ipinganak ng Diyos at tumanggap ng pangako ng langit? Oo _____ o Hindi ______ (Lucas 23:43)
3. Ang kasalanan ng __________ ang isang kasalanan na magpapahamak sa kaluluwa sa sa walang hanggang kaparusahan. (Juan 3:18)

## ☙ KAPITULO 15 ❧

## MAAARI NATING MALAMAN NA TAYO AY IPINANGANAK NG DIYOS!

### ☝ Paunang Salita:

Karamihan ay **INIISIP NILA** na sila ay ipinanganak ng Diyos dahil sa kanilang moralidad at pagsunod sa relihiyon, sa halip ng pagsampalataya kay Jesus. Maraming tapat na mga Cristiano ang isinuko ang buhay sa Panginoon, subali't hindi nakasisiguro kung sila ay ipinanganak ng Diyos. Ang kakaunting kaalaman sa Biblia ay nagdadala ng pag-aalinlangan. Kapag tayo ay nag-aalinlangan ay suriin natin ang ating sarili. Ang apat na sumusunod na sukatan ay makakatulong upang masuri ang ating kaligtasan:

### 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

☑ SURIIN ANG BUNGA.

Dahil sa bagong likas, ang tunay na nananampalataya ay nais na mapigilan ang kagustuhan ng laman. Habang lumalago ang bagong Cristiano, mas lalo niyang napipigilan ang laman at nagkakaroon siya ng bunga.

Juan 15:5, "Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: **Siya na nananatili sa akin, at ako sa kaniya ay siya rin ang nagbubunga ng maraming bunga**, sapagka't kung hiwalay sa akin kayo ay walang anumang magagawa."

Mateo 7:15-16, "Mag-ingat sa mga bulaang propeta, na dumarating sa inyo sa kasuotan ng tupa, datapuwa't sa loob sila ay mapanilang mga lobo. **Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga**."

Mateo 7:20, "**Kaya nga sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila**."

Hebreo 6:8, "Datapuwa't **yaong nagdadala ng mga tinik at mga dawag ay itinakwil, at malapit sa pagsusumpa; na ang katapusan ay upang masunog**."

☑ SURIIN ANG PAGDISIPLINA NG DIYOS SA IYONG MAKALAMANG KASALANAN.

Kapag hindi nakayang pigilan ng Cristiano ang kanyang laman, ang Diyos, gaya ng isang ama ay didisiplinahin ang Cristiano bilang isang masuwaying anak.

Hebreo 12:6-8, "Sapagka't pinapalo niya siya na iniibig ng Panginoon, at hinahampas ang bawa't anak na kaniyang tinatanggap. Kung tinitiis ninyo ang pagpapalo, ang Diyos ay nakikitungo sa inyo gaya ng mga anak; sapagka't anong anak siya na hindi pinapalo ng ama? Datapuwa't **kung kayo ay walang pagpapalo**, kung saan ang lahat ay mga kabahagi, **kung gayon kayo ay mga anak sa labas, at hindi mga anak**."

☑ SURIIN ANG PRESENSYA NG BANAL NA ESPIRITU NG DIYOS SA INYONG BUHAY.

1 Cor. 3:16, "Hindi ba ninyo nalalaman na kayo ay templo ng Diyos, at ang **Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo**?"

Roma 8:14, “Sapagka’t **gaya ng marami na pinapatnubayan sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, ay sila ang mga anak ng Diyos**.”
Roma 8:16, “**Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoong kasama ng ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Diyos**.”

☑ SURIIN ANG SALITA NG DIYOS.
1 Juan 5:13, “Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo na sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos; **upang inyo nawang malaman na kayo ay may buhay na walang-hanggan**, at upang kayo nawa ay manampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos.”
2 Timoteo 2:15, “Mag-aral upang ipakita ang iyong sarili na subok sa Diyos, isang **manggagawa na hindi kailangang mapahiya**, matuwid na hinahati ang salita ng katotohanan.”
2 Timoteo 3:16-17, “**Lahat ng kasulatan ay ibinibigay sa pamamagitan ng paghinga ng Diyos**, at kapakipakinabang para sa doktrina, para sa pagsaway, para sa pagtutuwid, para sa pagsasanay sa katuwiran: **upang ang tao ng Diyos nawa ay maging sakdal, lubusang handa sa lahat ng mabubuting mga gawa**.”

## ☞ Konklusyon:

Maaari nating **MALAMAN** kung tayo ay tunay na ipinanganak ng Diyos at kung saan tayo mabubuhay magpakailan man. Kung tayo ay namumunga espirituwal, at tumatanggap ng disiplina ng Diyos kung kinakailangan, at tayo ay pinapangunahan ng Espiritu ng Diyos, at nagawa natin ang hinihingi ng Biblia na pagsisisi at pananampalataya para sa kaligtasan, malalaman mo, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na tinanggap mo ang kaloob ng Diyos na kaligtasan; ipinanganak ka ng Diyos, ikaw ay Kanyang anak at mamumuhay ka kasama ng Diyos sa langit magpakailan man.

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Kung tayo ay mananatili kay Cristo (ang puno) tayo ay magkakaroon ng maraming ________. (Juan 15:5)
2. Kung tayo ay ipinanganak ng Diyos at hindi natin napipigilan ang makalamang pita, tayo ay _________ ng Diyos. (Hebreo 12:6-8)
3. Ang Banal na Espiritu ang nagpapatotoo sa mga mananampalataya upang patunayan sa kanila na sila ay ___ _____ ng Diyos. (Roma 8:16)
4. Isa sa mga layunin ng pagbabasa at pag-aaral ng Salita ng Diyos ay upang malaman natin na tayo ay mayroong _____ __ _______ _______. (1 Juan 5:13; 2 Timoteo 2:15)

## ☙ KAPITULO 16 ❧

## ANG PAGPAPASYA

---

☝ **Paunang Salita:**

Joshua 24:15b, "...**PILIIN NINYO NGAYONG ARAW NA ITO KUNG SINO ANG INYONG PAGLILINGKURAN.**" Dinadala tayo ng Banal na Espiritu ng Diyos sa isang punto sa ating buhay na kung saan ay mauunawaan natin ang tungkol sa Diyos at ang katotohanan ng walang hanggan; at kailangan nating magpasya kung ano ang ating gagawin sa ating relasyon sa Diyos. Tunay na napakahirap putulin ang ating mga lumang pamahiin, tradisyon sa relihiyon at pag-aalinlangan, nguni't matatamo lamang natin si Jesu-Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pinakamahalagang desisyon na ating gagawin sa buhay na ito ay ang para sa magpakailan man: **MAYROON O WALANG JESU-CRISTO BILANG TAGAPAGLIGTAS.** Ito ay talagang pagpili ng **BUHAY NA WALANG-HANGGAN** o **WALANG-HANGGANG KAMATAYAN**.

Sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, makikita natin na ang kasalanan ay nagbubunga ng kamatayan at ang lahat ng laman ay mamamatay dahil sa makalamang kasalanan.Para doon sa mga hindi mananampalataya, mayroon ding kamatayan ng kaluluwa, na ito ay ang walang-hanggang pagkahiwalay sa presensya ng Diyos at walang hanggang kaparusahan sa impiyerno.

📖 **Pag-aaral ng Bibliya:**

☑ Ang mga sumusunod na mga talata ay magpapakita na ang kasalanan ay nagdudulot ng kamatayan:

Roma 6:23, "**Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan**; datapuwa't ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu-CRisto na ating Panginoon."

Genesis 2:17, "Nguni't sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama, huwag kang kakain mula roon; dahil sa **araw na ikaw ay kumain mula roon ay siguradong ikaw ay mamamatay**."

Roma 5:12, "Kaya nga kung paanong sa pamamagitan ng iisang tao ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan, **at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan; at sa gayon ang kamatayan ay nailipat sa lahat ng tao**, dahil doon ang lahat ay nagkasala."

Ezekiel 18:4c, 20a, "**Ang kaluluwang nagkakasala, iyon ay mamamatay**..."

Pahayag 20:14-15, "At ang kamatayan at impiyerno ay inihagis sa lawa ng apoy. **Ito ang ikalawang kamatayan**. At sinuman ang hindi nasumpungang nasusulat sa aklat ng buhay ay inihagis sa lawa ng apoy."

Ang talatang ito ay nagpapakita ng nakakatakot na walang hanggang patutunguhan ng isang mapapahamak na kaluluwa. Maging kasalanang pisikal man na nagbubunga ng kamatayang pisikal sa katawan, o espirituwal na kasalanan na nagbubunga ng kamatayang espirituwal sa kaluluwa, sinabi ng Diyos: "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan."

☑ **Salamat sa Diyos at may isang pang pagpipilian, at iyon ay BUHAY!**

Juan 3:14-16, "At gaya ni Moises na itinaas ang ahas sa ilang, gayon din dapat ang Anak ng Tao ay maitaas: Upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak kundi magkaroon ng **walang-hanggang buhay**. Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng **walang-hanggang buhay.**"

Juan 17:3, "At **ito ang buhay na walang-hanggan**, na kanila nawang makilala ka na kaisa-isang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo, na siyang isinugo mo."

Galacia 6:8, "Sapagka't siya na naghahasik sa kanyang laman ay sa laman aani ng kabulukan; datapuwa't siya na naghahasik sa Espiritu ay sa Espiritu aani ng **buhay na walang hanggan**."

## ☞ Konklusyon:

NASA ATIN ANG PAGPAPASYA:

BUHAY o KAMATAYAN,
LANGIT o IMPIYERNO,
SI CRISTO o SI SATANAS!

Juan 3:17-18, "Sapagka't hindi isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan; kundi upang ang sanlibutan sa pamamagitan niya nawa ay maligtas. **Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinatulan**: datapuwa't **siya na hindi sumasampalataya** ay **hinatulan na**, **DAHIL HINDI SIYA SUMAMPALATAYA** sa pangalan ng bugtong na isinilang na Anak ng Diyos."

## ✍ PAGBABALIK-ARAL:

1. Kailangang piliin natin ngayon kung sino ang _____ ____________. (Joshua 24:15)
2. Ang kaluluwang nagkakasala, iyon ay __________. (Ezekiel 18:4)
3. Ang sinumang sumampalataya sa Panginoong Jesus ay magkakaroon ng _______ __ _________ ________. (Juan 3:14-16)
4. Ang ating pagpipilian ay:
   Buhay o __________ .
   Langit o __________ .
   Si Cristo o __________ .

## ♋ KAPITULO 17 ♌

## ANO ANG AKING DAPAT GAWIN UPANG MAGING ANAK NG DIYOS?

### 🕮 Pag-aaral ng Bibliya:

Juan 3:15-16, "Upang ang **sinumang sumampalataya** sa kaniya ay hindi dapat mapahamak kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay. Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang **sinumang sumampalataya** sa kaniya a hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay."

Juan 5:24, "Katotohanan, Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, Siya na nakikinig ng aking salita, at **nananampalataya sa kaniya** na nagsugo sa akin, ay may walang-hanggang buhay, at hindi makararating sa kahatulan; kundi inilipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay."

Juan 11:25, "Sinabi ni Jesus sa kaniya, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay: **siya na nananampalataya sa akin**, bagama't siya ay patay na, gayunman siya ay mabubuhay."

Juan 12:46, "Ako ay dumating na isang liwanag sa sanlibutan, upang **sinuman ang manampalataya** sa akin ay hindi dapat manatili sa kadiliman."

Juan 20:31, "Nguni't ang mga ito ay naisulat **upang kayo nawa ay manampalataya** na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Diyos: **at sa pagsampalataya** kayo nawa ay magkaroon ng buhay sa pamamagitan ng kanyang pangalan."

Mga Gawa 16:30-31, "Mga ginoo, ano ba ang dapat kong gawin upang maligtas? **Sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo at ikaw ay maliligtas**."

Roma 10:9, "Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at **mananampalataya sa iyong puso** na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas."

1 Juan 5:1a, "**Sinuman ang nananampalataya na si Jesus ay ang Cristo ay ipinanganak ng Diyos**..."

Kawikaan 3:5, "**Sumampalataya sa Panginoon ng iyong buong puso**; at huwag manangan sa iyong sariling karunungan."

### ☞ Konklusyon:

Tayo ay may kasiguruhang maaaring maligtas. Maaari tayong maging anak ng Diyos. Maaari tayong magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ang kailangan lamang nating gawin ayon sa Salita ng Diyos ay sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo. Ito ay hindi nangangahulugan ng maniwala lamang ng tungkol kay Jesus, o maniwala na si Jesus ay totoo ayon sa kasaysayan; kahit ang Diablo ay naniniwala rin. "Ikaw ay naniniwala na may isang Diyos; mabuti yaon: ang mga Diablo ay naniniwala rin, at nagiginig." (Santiago 2:19)

Upang maging anak ng Diyos, **kailangan nating maniwala na may pagtitiwala**! Ang tunay na pagsampalataya ay pagta nggap kay Jesus

bilang Tagapagligtas ng ating kaluluwa, magsisi sa ating mga kasalanan at magpasakop sa kanya magpakailan man. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaari tayong magpasya na tanggapin si Jesus bilang Panginoon ng ating buhay at Tagapagligtas ng ating kaluluwa, ngayon: "… masdan, ngayon ay ang katanggap-tanggap na panahon; masdan, ngayon ay ang araw ng kaligtasan." (2 Cor. 6:2b)

Mahal ka ng Diyos, at yamang nabasa mo na ito hanggang dito, maaaring ikaw ay nag-aalala tungkol sa iyong relasyon sa Diyos. Tatawag ka ba ngayon sa Panginoon mula sa iyong puso?

✞ Mahal kong Diyos, lumalapit ako sa Iyo sa pangalan ni Jesu-Cristo. Ako ay naniniwala na si Jesus ay Anak ng Diyos, na siya ay namatay sa krus ng Kalbaryo para sa akin, na siya ang Cristong nabuhay mag-uli. Narito ako ngayon na may pagsisisi, ay tinatanggap ko si Cristo bilang aking Tagapagligtas at nangangakong magpapasakop sa kanya, paglingkuran siya at maging patotoo sa iba ng kanyang biyaya at pag-ibig. Pinasasalamatan kita sa Iyong pag-ibig sa akin at sa Iyong kaloob na kaligtasan na aking tinanggap sa pangalan ni Jesus. Amen.

KUNG TINANGGAP MO SI JESU-CRISTO BILANG TAGAPAGLIGTAS, AT KUNG ANG BABASAHING ITO NAMAN AY NAKATULONG SA IYO, SANA'Y MAIBAHAGI MO SA AMIN ANG IYONG PATOTOO.

## ✍ **PAGBABALIK-ARAL:**

1. "___________ sa Panginoon ng iyong buong puso at huwag manangan sa iyong sariling __________." (Kawikaan 3:5)
2. "___________ sa Panginoong Jesu-Cristo at ikaw ay maliligtas." (Mga Gawa 16:30-31)
3. "Sinuman ang _________ na si Jesus ang ________ ay ipinanganak ng Diyos." (1 Juan 5:1)
4. Ang huli at pinakamahalagang tanong ay: tinanggap mo na ba o ngayon ba ay ilalagak mo na ang iyong pananampalataya at pagtitiwala kay Jesu-Cristo?

   _____________oo _____________hindi

## ☙ KAPITULO 18 ❧

## SAGOT SA PAGBABALIK-ARAL

---

**KAPITULO 1**

1. PISIKAL, ESPIRITUWAL (1 Cor. 15:44)
2. LAMAN, KALULUWA
3. PANLABAS, PANLOOB (2 Cor. 4:16)
4. KALULUWA, KATAWAN (Mt. 10:28)

**KAPITULO 2**

1. MAMATAY (Heb. 9:27)
2. KAMATAYAN (Roma 5:12)
3. ALABOK, ALABOK (Gen. 3:19)
4. LAMAN, DUGO (1 Cor. 15:50)
5. PAG-ASA

**KAPITULO 3**

1. MAGPAKAILAN MAN (Mt. 25:46)
2. WALANG-HANGGANG, WALANG-HANGGANG (Daniel 12:2)
3. APOY, KAPARUSAHAN (Mt. 25:41, 46)
4. BUHAY

**KAPITULO 4**

1. MAGHANDA (Amos 4:12)
2. HAHANAPIN (Jer. 29:13)
3. MANGMANG (Mga Awit 14:1)
4. SUMASAMPALATAYA, SUMASAMPALATAYA (Juan 3:18)
5. SULIT (Roma 14:12)

**KAPITULO 5**

1. MAIPANGANAK NA MULI (Juan 3:3)
2. KATAWAN, KALULUWA (Juan 3:6)
3. DIYOS (Juan 1:12-13)
4. PANLABAS, PANLOOB (1 Cor. 15:44)
5. LAMAN, ESPIRITU (Juan 3:6)
6. MUNDONG, DIYOS (2 Cor. 4:4; Juan 3:3)

**KAPITULO 6**

1. PASIMULA
2. MULI (Juan 3:3)
3. KALULUWA (Juan 3:6)

**KAPITULO 7**

1. DIYOS (Juan 1:12)
2. WALANG (Roma 3:23; Efeso 2:8-9)
3. ESPIRITUWAL (1 Cor. 2:14; Marcos 10:15)
4. KALOOB (Roma 6:23)

**KAPITULO 8**

1. WALA
2. TINATAKAN (Efeso 4:30)
3. INGATAN (2 Tim. 1:12)
4. MAPAPAHAMAK (Juan 10:27-30)
5. PINASAKDAL (Heb. 10:14)
6. MAG-IINGAT (2 Tim. 4:18)

**KAPITULO 9**

1. PANLOOB, PANLABAS (1 Juan 3:9)
2. IPINANGANAK NG DIYOS (1 Juan 5:1)
3. NAGKAKASALA (1 Juan 5:18)
4. KASALANAN (1 Juan 3:9)
5. HINDI

**KAPITULO 10**

1. NILALANG, LIKAS (2 Cor. 5:17)
2. LUMANG MGA BAGAY, BAGO (2 Cor. 5:17)
3. NAKIKIPAGDIGMA (O NAKIKIPAG-ALITAN) (Roma 7:23)
4. DIYOS (Roma 8:7-9)

**KAPITULO 11**
1. NAKIKIPAG-ALITAN (Roma 7:22-25)
2. BIYAYA (Roma 6:1-2)
3. MAGPIGIL, KALULUWA (1 Pedro 2:11)
4. LAMAN, ESPIRITU (Roma 8:1)

**KAPITULO 12**
1. LAHAT (Roma 3:23)
2. WALANG (1 Juan 1:8)
3. IBIBILANG (Roma 4:8)
4. DI-PAGSAMPALATAYA (Juan 3:18)

**KAPITULO 13**
1. LAMAN (1 Juan 2:16)
2. MATA (1 Juan 2:16)
3. BUHAY (1 Juan 2:16)

**KAPITULO 14**
1. OO (Lucas 18:11-14)
2. OO (Lucas 16:22-23 at Lucas 23:43)
3. DI-PAGSAMPALATAYA (Juan 3:18)

**KAPITULO 15**
1. BUNGA (Juan 15:5)
2. PAPALUIN (Heb. 12:6-8)
3. MGA ANAK (Roma 8:16)
4. BUHAY NA WALANG HANGGAN (1 Juan 5:13; 2 Tim. 2:15)

**KAPITULO 16**
1. ATING PAGLILINGKURAN (Joshua 24:15)
2. MAMAMATAY (Eze. 18:4)
3. BUHAY NA WALANG HANGGAN (Juan 3:14-16)
4. KAMATAYAN, IMPIYERNO, SATANAS

**KAPITULO 17**
1. SUMAMPALATAYA, KARUNUNGAN (Kawikaan 3:5)
2. SUMAMPALATAYA (Mga Gawa 16:31)
3. SUMASAMPALATAYA, CRISTO (1 Juan 5:1)
4. AKING GAGAWIN